# KLIMA

Isinulat ni Kristine Grace Natividad Tome



Iginuhit ni
Winnie Glendore Abarra

ISAAA Inc.

FILIPINO


**Inilathala ng:**
**International Service for the Acquisition of Agri-biotech Applications, Inc.**
**www.isaaa.org**

**Karapatang-ari ng Teksto © 2023 Kristine Grace Tome**
**Karapatang-ari ng mga Ilustrasyon © 2023 Winnie Glendore Abarra**
**Isinalin sa Filipino ni Claudine Batimana**


**Lahat ng karapatan ay nakalaan. Maliban sa maiikling sipi para sa isang rebyu, ang aklat na ito, o anumang bahagi nito, ay hindi maaaring kopyahin, itago sa anumang sistema ng pagkuha ng impormasyon, o ipadala sa anumang anyo o paraan—elektroniko, mekanikal, pagpo-photocopy, pagre-record, pagdodoble, o anumang katulad—nang walang nakasulat na pahintulot mula sa tagapaglathala at mga may hawak ng karapatang-ari.**

# KLIMA

ni Kristine Grace Natividad Tome
Iginuhit ni Winnie Glendore Abarra



**“Tay, handa na akong pumasok sa eskwela!” sigaw ni Klima habang papalabas ng kanyang kwarto.**



"Tapusin ko lang ang pag-aayos ng pinto. Mabilis lang ito," sagot ng kanyang Tatay.

Pinanood ni Klima ang kanyang Tatay na buksan ang kahon ng kanyang mga kagamitan at palitan ang sirang hawakan ng pinto.





“Tapos na!” kumindat siya kay Klima at itinuro ang kwarto nito para ipaalala sa kanya na patayin ang mga ilaw.

Nakangiti niyang sabi, “Mahal ni Klima...

...ang Daigdig!” patuloy niya at saka tumakbo papunta sa kanyang kwarto para patayin ang ilaw.

Sa paaralan, si Klima ay naglalaro kasama ang kanyang kaibigang si Julia.



"Klima! May mga lobo ako sa bag ko. Punuin natin ng tubig," sabi ni Julia.



Tumunog ang kampana, at tumakbo sila papuntang silid-aralan para sa susunod nilang klase. Naiwan ni Klima na tumutulo ang gripo.

"Ayos lang 'yan. Kaunting tubig lang naman 'yon," sabi ni Klima sa sarili.






Habang sila ay nagkaklase sa Sining, sinabihan sila ng kanilang Guro na si Camille na magpinta ng larawan ng mga bundok.

“Gawin niyong luntian ang mga bundok dahil gusto nating mapuno ng mga puno ang ating mga bundok! Magpinta din kayo ng ilang mga hayop. Ayaw naman natin ng mga kagubatang walang laman, ‘di ba?”

Nahirapan si Klima na gumuhit ng mga hayop. Siya ay naiinis na. Nilukot niya ang kanyang papel sa ika-10 pagkakataon.

"Aaargh! Ang hirap nito!" bulalas ni Klima.






"Nakikita kong nahihirapan ka. Pwede ba tayong magpahinga sa labas pagkatapos mong pulutin ang basura?" tanong ni Teacher Camille.


“Okaaay,” sumunod si Klima kay Teacher Camille.

“Kilala mo ba kung sino ang nag-iwan sa gripong nakabukas, Klima?” tanong ni Teacher Camille.

“Uhmmm, ako po. Nagmamadali kasi ako,” tugon ni Klima nang may konsensya.

"Alam kong kailangan mong magmadali, pero nawawalan na rin ng oras ang Daigdig. Ang maliliit na bagay na hindi natin ginagawa para makatulong sa Daigdig ay makakasama sa atin sa hinaharap. Ang pagtatapon ng basura kung saan-saan, paggamit ng sobrang daming papel, at kahit pag-iwan ng gripo na tumutulo ay mga senyales na hindi natin inaalagaan ang Daigdig. Alam kong mabuti kang bata, Klima. Huwag kang magbago," paliwanag niya.

Pagkatapos ay binigyan niya si Klima ng isang maliit na salamin. “Makakatulong ito sa iyo na maunawaan kung ano ang maaaring mangyari sa hinaharap.”





Nang gabing iyon, patuloy na iniisip ni Klima ang sinabi ni Teacher Camille. Kinuha niya ang maliit na salamin at tiningnan ang kanyang repleksyon.

"Mahal ni Klima ang Daigdig, pero..."

Isang maliwanag na ilaw ang lumabas mula sa salamin at pinuno ang kanyang silid!

Nang imulat niya ang kanyang mga mata, nakita niya ang kanyang sarili sa eskwela suot ang parehong damit na suot niya noong araw na iyon. Tila ba nanonood siya ng replay ng kanyang araw. Siya ay naglalaro ng mga lobo na may tubig kasama si Julia, iniwan ang patak ng gripo, at nagtapon ng mga papel sa sahig.





Pagkatapos, bigla siyang lumaki at naging isang dalaga ngunit patuloy pa rin sa paggawa ng parehong mga bagay. Siya ay naging isang matandang babae at paulit-ulit pa ring ginagawa ang parehong mga bagay.

Napansin niya na habang pinapanood niya ang kanyang sarili na tumatanda, ang mundo sa kanyang paligid ay nagiging mas mainit, mas tuyo, at mas malungkot.



"Anong nangyayari?" naisip niya.





Nakita niya ang maliit na salamin sa sahig at pinulot ito. Binuksan niya ito at muling lumabas ang isang maliwanag na ilaw mula rito.

Nakita niya ang sarili na naglalaro ng mga lobo na may tubig kasama si Julia, ngunit sa pagkakataong ito, pinatay niya ang gripo bago tumakbo pabalik sa kanilang klase.

Pumunta siya sa klase ng sining ngunit isang papel lamang ang ginamit niya para sa kanyang pagpipinta. Itinapon niya ang lahat ng kanyang basura sa basurahan.




Tumanda siya at patuloy na gumagawa ng mabubuting bagay para sa Daigdig. Ang mundo sa kanyang paligid ay maliwanag at maganda.



“Klima!”

Nagising si Klima sa boses ng kanyang Nanay.

"Pinapawisan ka, mahal ko. Binabangungot ka ba?"

"Sa tingin ko... Nanay, bakit natin kailangang mahalin ang ating planeta?" tanong ni Klima.


"Maraming pinagdadaanan ang ating planeta, Klima. Mas mainit na ngayon kaysa dati, nakakaranas tayo ng mga super typhoon, at mas tuyo na ang lupa kaysa dati. Ito ay tinatawag na pagbabago ng klima," paliwanag ng nanay ni Klima.

"Bakit nangyari iyon?" tanong ni Klima.



“Dahil hindi inalagaan ng mga tao ang Daigdig. Pero, huwag kang mawalan ng pag-asa. Isa akong siyentipiko, natatandaan mo ba? Ang mga taong katulad ko ay nakakahanap ng mga paraan para makatulong sa Daigdig. Nasabi ko na ba sa iyo kung ano ang trabaho ni Nanay?”

“Alam ko lang na pinag-aaralan mo ang palay,” sagot ni Klima habang humihikab.



"Oo. Pinag-aaralan ko kung paano buhayin ang palay sa mainit at tuyong panahon. Pinag-aralan din ng ibang siyentipiko kung paano buhayin ang palay sa baha..." pagsasalaysay niya.


"Ano? Paano???" Namangha si Klima.



“Naaalala mo ba noong inayos ni Tatay ang pinto kahapon? Gumamit siya ng toolbox, 'di ba? Gumagamit din kami ng toolbox na tinatawag na bioteknolohiya. Ang mga kagamitang ito ay nakakatulong sa atin na makagawa ng mas malalakas na halaman at hayop para makaligtas sila sa pagbabago ng klima.”

“Ang galing mo, Nay! Hindi na ako makapaghintay na sabihin sa mga kaibigan ko ang tungkol sa ginagawa mo,” sabi ni Klima sa kanyang ina.

“Ang galing mo rin, Klima! Mahal mo ang Daigdig, at kung magtutulungan tayo, hindi gaanong magbabago ang ating planeta.”









Hinalikan ng nanay ni Klima ang noo niya.

“Matulog ka na ulit, mahal ko,” sabi ng nanay ni Klima habang palabas ng kwarto.

Sinuri ni Klima ang kanyang drawer at nakita ang maliit na salamin. Isinara niya ang drawer at pinatay ang lampara.

“Mahal ni Klima ang Daigdig,” bulong niya at ipinikit ang kanyang mga mata nang may ngiti sa kanyang mukha.

Maliwanag at maganda ang kinabukasan na naghihintay sa kanya.

# MATUTO TAYO KASAMA NI KLIMA!

**KLIMA**
Ang karaniwang panahon para sa isang lugar at oras ng taon.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagbabago ng klima at bioteknolohiya, bisitahin ang bit.ly/ISAAAPocketK43 o www.isaaa.org

**PAGBABAGO NG KLIMA**
Ang mga pagbabago sa mga padron ng panahon (tulad ng temperatura at pag-ulan) sa isang lugar sa loob ng maraming taon.

Ilang epekto ng pagbabago ng klima:

- Mas mainit na temperatura
- Mga malalakas na bagyo
- Mas tuyong lupain

**BIOTEKNOLOHIYA**
Isang pamamaraan sa agham na gumagamit ng mga buhay na organismo upang gumawa ng mga kapaki-pakinabang na produkto o pinahusay na mga halaman, hayop, at iba pang mga organismo.

Mga halimbawa ng mga produktong biotek:

- Mais na kayang mabuhay sa tagtuyot
- Mas malusog na palay
- Talong na may resistensya laban sa insekto

